Asian Network for Free Elections (ANFREL Foundation)
105 Sutthisanwinichai Rd., Samsennok, Huai Khwang, Bangkok 10310, Thailand
Tel: +66 2-693-1867, +66 2-277-6678 / Fax: +66 2-694-3228
Email: anfrel@anfrel.org / Website: www.anfrel.org

Press Release
23 April 2022
Manila, Philippines

***ANFREL,* magmamasid sa pambansang halalan sa Pilipinas**

Inilunsad ngayong araw ng Asian Network for Free Elections (ANFREL) ang isang *international election observation mission* para sa nalalapit na pambansang halalan ngayong 09 Mayo 2022. Sa kasalukuyan ay nagtalaga na ang ANFREL ng anim na tagamasid (*observer)* at dalawang *electoral analyst* sa bansa. Inaasahang madaragdagan pa ito ng apat na tagamasid sa darating na linggo.

Ang mga tagamasid ng ANFREL ay nakatalaga sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas upang makipag-ugnayan sa iba't ibang *stakeholder* at subaybayan ang iba't ibang aktibidad kaugnay ng napipintong pambansang halalan. Kasama sa kanilang susubaybayan ang pangangampanya, ang sistema ng *absentee voting,* at ang proseso ng paghahatid ng resulta ng eleksyon.

Bago ang pagtatalaga sa kanila sa mga rehiyon, nagkaroon ang mga tagamasid ng dalawang araw na oryentasyon upang aralin ang pambansang kalagayan ng pulitika, ang sistemang electoral, ang mga prosesong kaugnay nito, at mga pamamaraan sa pagmamasid.

Lahat ng tagamasid, tagasalin, at istap ng ANFREL ay nabakunahan laban sa Covid-19 at handang sumunod sa lahat ng patakaran ng pamahalaang Pilipinas na naglalayong pababaain ang pangambang dulot ng COVID-19.

Bilang isang *international election observer organization* na opisyal na kinilala ng Commission on Elections (COMELEC), itinataguyod ng ANFREL ang demokratisasyon at malaya at tapat na halalan sa pamamagitan ng mga *electoral observations.* Ito ang ikaapat na *international election observation mission* ng ANFREL sa Pilipinas; una nang nagpadala ang ANFREL ng mga tagapagmasid sa pangkalahatang halalan sa Autonomous Region of Muslim Mindanao general nuong 2008 at sa pambansa at local na halalan nuong 2010 at 2016.

Ang mga pamamaraan ng pagmamasid at pagtatasa ng ANFREL ay Declaration of Principles and Code of Conduct for International Election Observation, ng Bangkok Declaration for Free and Fair Elections, at ng Dili Indicators of Democratic Elections.

Ilalabas ng ANFREL ang panimulang ulat nito patungkol sa halalan sa Pilipinas sa isang *press conference* ngayong darating na 11 Mayo 2022. Ang pangkabuuang ulat ay ilalabas ng ANFREL ngayong darating na Hunyo.

Asian Network for Free Elections (ANFREL Foundation)
105 Sutthisanwinichai Rd., Samsennok, Huai Khwang, Bangkok 10310, Thailand
Tel: +66 2-693-1867, +66 2-277-6678 / Fax: +66 2-694-3228
Email: anfrel@anfrel.org / Website: www.anfrel.org

Ang ANFREL

Ang Asian Network for Free Elections (ANFREL) ay isang network ng 29 na *election monitoring groups* na 18 bansa na sumasaklaw sa buong Asya at nakabase sa Bangkok. Gawain ng ANFREL ang pagmamasid sa mga halalan, pagpapalakas at pagpapa-unlad ng mga *civil society organizations* at mga *election management bodies* na nagsusulong ng demokratisasyon. Mula sa pagkakatatag ng ANFREL nuong 1997 ay nakapagmasid na ito sa 71 eleksyon sa 20 bansa sa Asya. Website: https://anfrel.org/

Kung may mga katanungan, makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Ms. Chandanie Watawala, Mission Director, chandanie@anfrel.org, +639499129149 (Phone call), +66631753221 (WhatsApp)

Mr. Tharindu Abeyrathna, Mission Coordinator, tharindu@anfrel.org, +639336201492 (Phone call), +94777428814 (WhatsApp)